Pangalan: Sowaib G. Sood — Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Ang Pagtatakda ng Allah
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hulyo 7, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنْتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102

"O kayong mga naniwala, matakot kayo sa Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim." (Surah Alo Imran: 102)

Tunay na ang papuri ay sa Allah lamang. Pinupuri natin Siya at hinihingan ng tulong at kapatawaran. Tayo ay nagpapakupkop sa Allah mula sa kasamaan ng ating mga sarili at sa kasamaan ng ating mga gawa. Sinuman ang gabayan ng Allah ay walang sinumang makapagliligaw sa kanya, at sinuman ang hayaan Niyang maligaw ay walang sinumang makapaggagabay sa kanya. Ako ay sumasaksi na walang diyos na tunay na dapat sambahin maliban lamang sa Allah; at ako ay sumasaksi na si Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay Kanyang alipin at sugo. Nawa'y ipagkaloob ng Allah ang pagpapala at kapayapaan sa Kanyang sugo na si Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam), sa kanyang Pamilya, sa kanyang mga Kasamahan, at sa lahat ng taong sumusunod sa tamang landas hanggang sa Huling Araw.

Mga alipin ng Allah, tunay na ang lahat ng nangyayari sa Mundong ibabaw ay nakatakda ayon sa pagtatakda ng Allah. Ang Allah ay nagsabi,

﴿ إِنَّا كُلَّ شَيْءٍ خَلَقْنَاهُ بِقَدَرٍ ﴾ سورة القمر: 49

"Katotohanang Aming nilikha ang lahat ng bagay sa Qadar (Pagtatakda ni Allah)." (Surah Al-Qamar: 49)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, kung ang lahat ng bagay ay itinakda na ng Allah, bakit tayo natatakot sa hinaharap? Para saan tayo

ISA IBN MARYAM INC.

natatakot? Ikaw ay nasa pangangalaga ng Allah kaya bakit ka natatakot samantalang ang iyong mga biyaya ay nasa Kanyang pagtatakda. Ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagsabi,

وَاعْلَم أَنَّ الأُمَّةَ لَوْ اجْتَمَعَتْ عَلَى أَنْ يَنْفَعُوكَ بِشَيءٍ لَمْ يَنْفَعُوكَ إِلَّا بِشَيءٍ قَد كَتَبَهُ اللهُ لَكَ، وإِنْ اجْتَمَعُوا عَلَى أَنْ يَضُرُّوكَ بِشَيءٍ لَمْ يَضُرُّوكَ إِلَّا بِشيءٍ قَدْ كَتَبَهُ اللهُ عَلَيْكَ، رُفِعَتِ الأَقْلَامُ، وَجَفَّتِ الصُّحُفُ. رواه الترمذي وَقَالَ: حَدِيثٌ حَسَنٌ صَحِيحٌ.

“At dapat mong malaman na kung magtipon-tipon ang (buong) sangkatauhan upang makapagbigay sa iyo ng kabutihan ay wala silang maibibigay sa iyo (na kabutihan) maliban sa kung ano ang itinakda ng Allah para sa iyo, at kung sila ay magtipon-tipon upang makapagdulot sa iyo ng kapinsalaan ay wala silang maidudulot sa iyo (na pinsala) maliban sa kung ano ang itinakda ng Allah para sa iyo. Naiangat na ang mga panulat at natuyo na ang mga (tinta sa) aklat.” (Inulat ni At-Tirmidhi at kanyang sinabi: Hadith Hasan Sahih.)

Ang lahat ng bagay ay naitala na sa Lawhun-Mahfoodh, na kung ano ang para sa iyo at hindi para sa iyo ay tiyak na magaganap alinsunod sa pagtatakda ng Allah. Kaya kahit magkaisa ang lahat ng tao upang magdulot sa iyo ng kabutihan o kasamaan ay wala silang maidudulot sa iyo maliban lamang sa kung ano ang nakatakda para sa iyo. Siya rin ay nagsabi,

إِنَّهُ لَا تَمُوتُ نَفْسٌ حَتَى تَسْتَكْمِلَ رِزْقَهَا وَإِنْ أَبْطَأَ عَلَيْهَا ، فَاتَّقُوا اللهَ.

(صحيح الترغيب/ 1702)

“Katotohanan, hindi mamatay ang isang tao hangga’t hindi nagiging ganap ang biyaya sa kanya ng Allah kahit pa mabagal ang pagdating nito. Kaya katakutan ninyo ang Allah.” (Sahih At-Targib/1702)

Ang ating kapalaran ay nasa Kanyang pagtatakda. Ang ating kaligtasan ay nasa Kanyang pamamahala. Kunin mo ang mga dahilan na siyang ipinag-uutos ng Islam at manalig ka sa Allah, ikaw ay nasa Kanyang pangangalaga kaya huwag kang matakot at mabahala! Hindi ikaw ang may tangan ng mga biyaya kundi si Allah lamang.

Ang pagtatakda ng Allah ay umiiral sa lahat ng Kanyang nilikha. Ang araw ay sumisikat at lumulubog, ang mga bituin sa langit ay kumikislap, ang hangin ay umiihip, ang mga ilog ay dumadaloy, ang karagatan ay umaalon, lahat ng ito ay alinsunod sa pagtatakda ng Allah. Ngunit ikaw kapatid sa

pananampalatayang Islam, pangalagaan mo ang mga kautusan ng Allah upang ikaw ay pangalagaan ng Allah.

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, huwag natin kaliligtaan na hinding hindi tayo magiging ganap na mananampalataya kung hindi natin paniwalaan ang pagtatakda ng Allah. Sa pamamagitan ng paniniwalang ito, nararamdam ng tao ang kaligayahan sa buhay na dulot ng kapanatagan, pagkakontento, at katiwasayan.

Nawa’y patawarin tayo ng Allah sa lahat ng ating pagkakasala at ipaunawa sa atin ang Qadar, panatilihin tayo sa Kanyang gabay, at papasukin tayong lahat sa Kanyang Paraiso kasama ng ating mga pamilya.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***